Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Pagpili ng pang-abay na panlunan

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-abay na panlunan na bubuo sa pangungusap. Pumili ng sagot sa loob ng kahon.

sa loob ng garahe	sa tindahan	sa hardin	sa ilalim ng kama
sa palengke	sa tabi ng dagat	sa sala	sa kabukiran
sa bangko	sa kalsada	sa ibabaw ng mesa	sa kusina
sa Malacañang	sa labas ng *gate*	sa ospital	

1. Ang magsasaka ay nakatira *sa kabukiran*.
2. Ang mga mangingisda *sa tabi ng dagat* ay nagpapahinga.
3. *Sa palengke* ka makakabili ng mga sariwang gulay.
4. Nagdidilig ng mga halaman *sa hardin* si Ate Carla.
5. Ang kotse ay nakaparada *sa loob ng garahe*.
6. Nanonood ng telebisyon *sa sala* ang mga bata.
7. Dinala *sa ospital* si Lolo dahil may sakit siya.
8. Nagluluto ng merienda si Nanay *sa kusina*.
9. *Sa ilalim ng kama* natutulog ang pusa.
10. Pupunta si Tatay *sa bangko* para magdeposito ng pera.
11. Bumili ka ng pancit canton *sa tindahan*.
12. Maraming sasakyan *sa kalsada* tuwing umaga.
13. Si Kuya ang susundo sa akin at naghihintay siya *sa labas ng gate*.
14. Ang pangulo ng Pilipinas ay nakatira *sa Malacañang*.
15. Iniwan ko *sa ibabaw ng mesa* ang mga aklat mo.